## Ano Ang Service Animal?

Ang Americans with Disabilities Act (ADA) ay isang batas na nagpoprotekta sa isang tao mula sa hindi patas na pagtrato dahil sa sila ay may kapansanan. Isinasaad ng ADA na ang isang tao ay may kapansanan kung ang paggana ng kanyang katawan o utak ay naiiba sa karamihan ng mga tao kaya mas mahirap o imposible para sa kanya na gawin ang mga bagay tulad ng makarinig, makakita, magsalita, mag-isip, maglakad, o huminga. Ang isang service animal ay isang hayop na sinanay upang tulungan ang isang taong may kapansanan na gawin ang mga bagay na mahirap para sa kanila. Isinasaad ng ADA na ang isang service animal ay ang anumang aso o maliit na kabayo na sinanay na gawin ang trabaho o mga gawain ng isang taong may kapansanan. Ang mga service animal ay mga hayop na nagtatrabaho, HINDI mga alagang hayop.

### Ano Ang Trabaho o Gawain ng isang Service Animal?

Ang isang service animal ay kailangang gumawa ng isang gawain para sa taong may kapansanan na tinutulungan nito. Ang gawain ay dapat isang bagay na kayang gawin ng hayop. Ang taong tinutulungan ng service animal ay tinatawag na handler nito. Ang handler ay kailangang may kapansanan, ngunit ang kapansanan ay hindi kailangang pisikal na nakikita. Ang gawain ng hayop ay mga bagay tulad ng paggabay sa isang handler na bulag, pagkalmot sa isang handler na bingi kapag ang hayop ay nakarinig ng sanggol na umiiyak, o pagpupulot ng mga bagay mula sa sahig upang ibigay sa kanyang handler. Ang gawain ay maaari ring mga bagay tulad ng pag-upo sa tabi ng handler kapag ang handler ay may seizure o pagdila sa kamay ng isang handler na may pagkabalisa para pakalmahin sila. Sa ilalim ng ADA , ang isang hayop na nagpapagaan ng pakiramdam ng isang tao ngunit hindi gumagawa ng isang gawain ay hindi isang service animal.

### Saan Maaaring Pumunta ang isang Service Animal?

Kung kakailanganin ng handler ang tulong mula sa kanyang service animal, isinasaad ng ADA na dapat pahintulutan ang hayop na tumulong sa kanilang handler at pahintulutang sumama saanman magpunta ang kanilang handler.

Kadalasan, ipapabatid ng mga establisyimento ng negosyo at gobyerno na walang "mga alagang hayop" ang pinapayagan. Ngunit, dapat payagan ng mga establisyimento ng negosyo at gobyerno ang isang handler na dalhin ang kanilang service animal dahil ang isang service animal ay hindi isang alagang hayop. Dapat makuha ng handler ang mga bagay at serbisyo kapag kasama nila ang kanilang service animal.

### Kailangan Bang Maging Maamo ang Isang Service Animal?

Dapat alagaan ng handler ang kanilang service animal sa lahat ng oras. Dapat pigilan ng handler ang kanyang service animal sa pagtakbo, dalhin ito sa labas para dumumi, at tiyaking maging disiplinado ang hayop. Ibig sabihin, hindi dapat tumatahol, umuungol, o kumagat ng ibang hayop o tao ang service animal. Kung hindi kumikilos ng maayos ang isang service animal, maaaring hilingin ng negosyo o ahensya ng gobyerno sa handler na ilabas ang hayop mula sa gusali. Maaaring bumalik ang handler nang hindi kasama ang kanilang hayop.

## Paano Ko Malalaman kung ang isang Hayop ay isang "Service Animal"?

Ang isang service animal ay dapat isang aso o maliit na kabayo. Kung ang handler ay walang kapansanan na makikita ng ibang tao, maaaring tanungin ng mga taong nagtatrabaho sa isang negosyo o ahensya ng gobyerno ang dalawang katanungan:

1. Ito ba ay isang service animal na kinakailangan dahil sa isang kapansanan?
2. Anong gawain ang sinanay na gawin ng hayop?

Ang mga taong nagtatrabaho sa isang negosyo o ahensya ng gobyerno ay hindi dapat magtatanong ng:

- Anumang bagay tungkol sa kapansanan ng handler.
- Na makita ang service animal na ginagawa ang (mga) gawain nito.
- Mga papeles na nagsasaad na ang isang hayop ay isang service animal.

Ang pamahalaang pederal ay walang inaprubahang anumang uri ng form, aplikasyon, vest, o picture ID na nagpapakita na ang isang hayop ay isang service animal. Ang mga taong may mga alagang hayop ay kadalasang bumibili ng mga papeles sa internet na nagsasaad na ang kanilang hayop ay isang service animal, ngunit ang mga papeles na ito ay walang anumang pinapatunayan o walang anumang kabuluhan.

## Mahahalagang Bagay na Dapat Malaman Tungkol sa Mga Service Animal

Ang mga service animal ay mga hayop na nagtatrabaho, HINDI mga alagang hayop. Huwag alagaan, pakainin, o abalahin ang isang service animal. Maaari itong magdulot ng mga problema sa pagsasanay sa aso o maging mapanganib para sa handler.

Ang mga negosyo at ahensya ng gobyerno ay hindi dapat maningil ng deposito o karagdagang bayad para sa isang service animal, kahit na kailangan nilang linisin ang buhok ng hayop. Ngunit kung ang isang service animal ay nakasira o talagang nakapinsala ng anumang bagay, tulad ng isang muwebles sa silid ng isang hotel, dapat bayaran ng handler ang mga naturang pinsala.

Ang mga service animal na maaamo ay maaaring sumama saanman magpunta ang kanilang mga handler, kahit pa ang ibang tao sa lugar na kanilang pupuntahan ay may allergy sa mga aso o natatakot sa mga aso.

Ang mga service animal ay maaaring maging anumang lahi ng aso at anumang laki, malaki man o maliit.

Hindi kailangang alagaan o bantayan ng mga negosyo o ahensya ng gobyerno ang isang service animal. Dapat pangalagaan at kontrolin ng handler ang kanyang service animal.

## Sino ang Maari Kong Tanungin kung Mayroon Akong Mga Katanungan Tungkol sa Mga Service Animal o Kung Gusto Kong Malaman ang Higit pang Impormasyon Tungkol sa ADA?

Ang Pacific ADA Center ang sumasagot sa mga katanungan at ang nagbibigay ng impormasyon tungkol sa ADA. Tumawag sa 800-949-4232 o magpadala ng email sa adatech@adapacific.org. Maaari mo ring bisitahin ang website ng Pacific ADA Center sa https://www.adapacific.org.

The contents of this document were developed under grants from the National Institute on Disability, Independent Living, and Rehabilitation Research (NIDILRR award #90DPAD0006). NIDILRR is a Center within the Administration for Community Living (ACL), Department of Health and Human Services (HSS). The contents of this document do not necessarily represent the policy of NIDILRR, ACL, HSS and you should not assume endorsement by the Federal Government.